

Ota City Navigation



2021.01

Ota City Tourist Information Center

Nilalaman

Ito ay isang sentro ng impormasyon para sa turismo na nagbibigay ng mga impormasyon tungkol sa turismo ng Ota-ku at ng mga kalapit na lugar. Ito ay certified ng Japan National Tourism Organization (JNTO) (Category 2). Naghanda kami ng mga brochure para sa turismo sa iba't ibang wika, at ipakikilala namin ang mga atraksyon ng Ota-ku na hindi nakasaad sa guidebook, tulad ng mga sikat at masasarap na tindahan o impormasyon tungkol sa mga tourist spot sa lugar, atbp.

Bilang karagdagan, maari din kayong masiyahan sa mga kaganapan tulad ng pamimili ng mga gawaing-kamay o local specialties ng ward, kabilang ang "100 pasalubong ng Ota-ku," mga cultural experience courses, tulad ng "Origami Experience," "Paggawa ng Bookmark," atbp., at mga eksibisyon at workshop na ayon sa panahon, atbp.

Bukod sa kakayahang magbigay ng impormasyon sa wikang Hapon at wikang Ingles sa lahat ng oras, mayroon din mga staff na maaaring tumugon sa wikang Intsik, Koreano, at Malay, kaya huwag mag-atubiling bumisita rito. Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.



Kailan

Mula 9:00 am hanggang 9:00 pm
Bukas buong taon

Saan

Wing Kitchen Keikyu Kamata 4 Chome 50-11
Kamata, Ota City M2 floor
Malapit sa ticket gate sa Keikyu Kamata Station

Makipag-ugnay sa

Ota City Tourist Information Center
☎ 03-6424-7288 FAX 03-6424-4313
E-mail info@tokyoactivity.com
URL <https://tokyoactivity.com/ja/>



Ipakikilala namin ang anim na taong unang naging

Tinanong namin sila tungkol sa ng rekomendasyon nila ng Ota-ku, dahilan sa pagpunta sa Japan, atbp.



- Mga katanungan**
- 1 Pangalan
 - 2 Nasyonalidad
 - 3 Mangyaring sabihin ano ang iyong dahilan sa pagpunta sa Japan.
 - 4 Mangyaring sabihin anong mga aktibidad ang nais mong gawin bilang ambassador.
 - 5 Mangyaring sabihin ang mga lugar sa Ota-ku na iyong inirekomenda (paboritong lugar).



1 Gahatraj Naresh

2 Nepal

3 Noong bata pa ako, sinabi sa akin ng aking ama na pinakamahusay ang mga produktong Hapon, at mula noon ako ay naging interesado sa Japan.

4 Nais kong magsagawa ng isang discussion meeting sa TV at malaman ang mga mabisang paraan at pamamaraan ng mga aktibidad ng mga ambassador.

5 Para sa akin, ang Ikegami Honmon-ji ang aking paboritong lugar. Matatagpuan ito sa isang mataas na lugar kaya maaaring makita ang mga magagandang tanawin ng bayan mula doon.



1 Jeffrey Scott Cross

2 America

3 27 taon na ang nakalipas nang pumunta ako sa Japan bilang isang postdoctoral researcher ng Japan Science and Technology Agency upang magsagawa ng pananaliksik sa Tsukuba Research Institute. Pagkatapos, nagtrabaho ako sa Fujitsu Laboratories Ltd. sa Atsugi City, at naging isang propesor sa Tokyo Institute of Technology noong 2008.

4 Gusto kong makilala ang mga Hapon na naninirahan sa Ota-ku dahil makikilala ko ang mga restaurant at mga Japanese bar sa lugar. Bilang karagdagan, gusto ko ring makilala ang mga dayuhan na naninirahan sa Ota-ku at mga dayuhan na bumibista sa Ota-ku, at maiparating sa kanila ang mga atraksyon ng Ota-ku.

5 Gusto ko mag-bisikleta sa tabi ng Tama River upang mag-ehersisyo. Bukod rito, gusto ko rin ang umupo sa veranda ng aking bahay, at eroplanong dumarating at umaalis sa Haneda Airport.



1 Lee Angelina

2 Singapore

3 Nagustuhan ko ang Japan at nagpasya ako na pumunta sa Japan dahil sa iba't ibang kwento ng aking mga senior na nag-aaral sa Japan.

4 Sigurp medyo mahirap sa ngayon, ngunit nais kong sumali sa mga kaganapan na maaaring makipag-ugnay sa mga Hapon at dayuhan na naninirahan sa Ota-ku.

5 Siguro mga area na malapit sa Kamata Station? Hindi ko pa gaanong alam ang Ota-ku, ngunit alam ko na maraming iba't ibang uri ng tindahan sa Kamata Station, mula restaurant hanggang general stores, kaya sa tingin ko napaka-convenient dito dahil mabibili mo ang halos lahat nang hindi na pumupunta sa Shinjuku o Shibuya.



“Global City Ota Ambassador” itong 2020.



1 Szabo Attila Pekka

2 Hungary



3 Una akong pumunta sa Japan kasama ang aking asawang Hapon noong 2018. Nagustuhan ko ang cultural heritage, tanawin, at mga kaugalian nila na nagre-respetuhan ang mga tao sa Japan. Napagpasyahan kong kausapin ang aking asawa at lumipat sa Japan upang matutunan ang tungkol sa bansa ng aking asawa at doon mamuhay kasama ang pamilya.

4 Nais kong magsagawa ng mga international exchange na mga aktibidad. Halimbawa, dahil interesado ako sa pagpakikila ng kultura ng pagkain, sa palagay ko ay makabubuti talaga na matutunan ng mga dayuhan ang kultura ng Hapon rito. Bilang karagdagan, nais kong tulungan ang mga bumibisita sa Ota-ku gamit ang banyagang wika, at i-promote ang atraksyon ng lugar mula sa pananaw ng isang dayuhan. Nais ko ring sumali sa mga kaganapan sa Ota-ku at i-promote sa mga dayuhan na naninirahan sa Tokyo.

5 Gusto ko ang mga hot spring dahil maaaring makapag-refresh at relax ng isip at katawan. Ang paborito kong hot spring sa Ota-ku ay ang “Nu-Land.” Ito ay dahil mayroon silang malaki at maraming paliguan sa makatwirang presyo. Bukod dito, kilala ang Ota-ku bilang mayroong iba’t ibang restaurant. Lalo kong inirerekomenda ang Ramen Hiiki. Madalas lumalagpas ng isang oras ang paghihintay, ngunit sulit talaga ito, kaya kung kayo ay may oras, pumunta kayo doon.



1 Kim Yu Sung

2 Korea



3 Pumunta ako sa bansang Hapon noong nakaraang 20 taon para mag-aral sa isang unibersidad ng Hapon.

4 Nais kong ipakilala ang mararaming mga atraksyon ng Haneda airport, Tokyo Kanmon, at Ota-ku.

5 Senzokuike Ito ay isang lugar na binayayaan ng kalikasan, na bihira sa 23 ward sa Tokyo.



1 Lucas dos Santos Cardoso Ferreira

2 Brazil



3 Pag-aaral sa Japan (Isang taong pag-aaral ng wikang Hapon at dalawang taon sa Nihon Kogakuin College)

4 Nais kong ipakilala ang kultura ng Brazil sa mga tao sa Ota-ku, at maiparating na hindi lamang karnabal at soccer ang mayroon doon. Ang Brazil ay ang pinakamalaking bansa sa Latin America, at maraming mga kawili-wiling mga bagay, kaya sa palagay ko ay marami akong maipakikilala.

5 Inirerekomenda ko ang “Sunrise Kamata,” kung saan maraming mga tindahan na pwedeng puntahan kasama ang iyong mga kaibigan at Japanese bar.


Makipag-ugnay sa

Internationalization and Multiculturalism Promotion Division
☎ 03-5744-1227 FAX 03-5744-1323

Gamitin ang “Gabay sa Elementarya para sa mga Banyagang Guardian”

Para sa lahat ng mga banyagang guardian

Ang booklet na “Para sa mga Banyagang Guardian Gabay sa Elementarya,” na nagpapaliwanag tungkol sa mga elementarya sa Ota-ku sa paraang madaling maintindihan, ay makikita sa website ng GOCA. Mayroon itong anim na bersyon ng wika (madaling wikang Hapon, Ingles, Intsik, Tagalog, Nepali, at Vietnamese). Maaari mong malaman ang tungkol sa elementarya sa Ota-ku dito. Makakatulong rin ito kapag maghahanda sa pagpasok sa elementarya, kaya mangyaring gamitin ito.



Pangunahing nilalaman

- Mga pamamaraan hanggang sa pagpasok
- Isang taon ng elementarya
- Isang araw sa paaralan
- Mga dapat gawin ng guardian (kapag papasok sa paaralan/araw-araw/maraming beses sa isang taon)
- Mga bagay na gagamitin at ihahanda sa paaralan
- Pera na babayaran sa paaralan
- Mga salita at glossary sa paaralan

Ang guardian ay ang mga tagapag-alaga ng mga bata, tulad ng ama, ina, atbp.

Maaari itong makita nang libre mula sa website ng GOCA.

<https://www.ota-goca.or.jp/schoolguide/>

I-scan ang 2D barcode at i-download ito. Maaari din itong i-print.



Makipag-ugnay sa

Global City Ota Cooperation Association
☎ 03-6410-7981 FAX 03-6410-7982
Email info@ota-goca.or.jp
URL <https://www.ota-goca.or.jp/>

Eksibisyon na nagpakikilala ng mga aktibidad ng mga naninirahan sa ward Nais mo bang mahawakan ang “kapangyarihan” ng lugar?

Ang mga aktibidad ng mga naninirahan sa ward ay mga aktibidad na sumuporta sa mga naninirahan sa ward. Gusto mo bang gamitin ang pagkakataon na ito upang makita kung anong uri ng suporta ang mayroon sa iyong paligid? Sa 2020, ang kaganapan naganap hanggang noong nakaraang taon na “NPO and City Residents Activity Program” na nagpakikilala ng mga aktibidad, ay kakansehahin at ipakikilala ang mga aktibidad sa pamamagitan ng eksibisyon dahil sa epekto ng impeksyon ng novel coronavirus.

Panahon Enero 18 (Lunes) ~ 21 (Huwebes), 2021
*Sa oras ng pagbubukas ng ward office, sa huling araw ay hanggang 4:30 pm

Tagpuan Ward Office 3rd floor Central Exhibit Corner

Pagtatantuan Community Activities Promotion Division
☎ 03-5744-1204 FAX 03-5744-1518

Tungkol sa pagbabayad ng resident tax (Ikaapat na yugto)

Ang ikaapat na deadline para sa pagbabayad ng special ward tax/metropolitan inhabitant tax (resident tax) ay sa Pebrero 1.

Mangyaring magbayad hanggang sa itinakdang panahon. Mangyaring huwag kalimutang magbayad. Para sa mga konsultasyon tungkol sa pagbabayad, mangyaring tingnan ang website ng Ota-ku.

Makipag-ugnay sa

Tax Payment Division
☎ 03-5744-1205
FAX 03-5744-1517
URL <https://www.city.ota.tokyo.jp/seikatsu/zeikin/>